- At habang tumatanda ang mga mga-aaral, sila ay inaasahang kukuha ng mas maraming responsibilidad para sa kanilang sariling pagkatuto.
- Ang paggamit ng pananalita at/o mga ideya ng iba at pag-aari nito bilang inyong sarili ay tinatawag na “plagiarism” o pamamlahiyo. Ito ay itinuturing na isang malubhang pagkakasala.
- Ang personal na pagpaplano at edukasyong buhay-pampamilya o family life education ay sapilitang itinatadhana ng batas bilang bahagi ng kurikulum.
- Ang edukasyong pampisikal o physical education ay bahagi ng kurikulum para sa mga kalalakihan at kababaihan.
- Bawal sa batas ang manakit (mamalo, manampal, manuntok, atbp) ng mga estudyante kahit ano pa mang kadahilanan.

## Paano ko malalaman kung ano ang lagay ng aking anak sa paaralan?

- Sa simula ang inyong anak ay susulitin para malaman ang kanyang kakayahan sa paggamit ng Inglis.
- Ang lahat ng mga mag-aaral ay regular na ini-eksamen sa lahat ng mga asignaturang pinag-aaralan.
- Ang mga pormal na report tungkol sa progreso ng mag-aaral ay nagkakaiba batay sa edad o gulang ng mga mag-aaral. Ang mga nasa primarya (K-3) ay hindi minamarkahan na ang gamit ay mga titik o letra.
- Ang mga nag-aaral ng ESL ay hindi tumatanggap ng mga markang gamit ay mga titik o letra sa simulang bahagi ng pag-aaral ng wikang Inglis. Sa ganitong kaso, ang mga guro ay nagbibigay ng mga sinulat na komentaryo o puna.
- At kung magbigay man ng markang gamit ay mga titik o letra, maaaring iba ang pakahulugan nila dito. Tanungin ang guro ng inyong anak upang maliwanagan.

## Paano ko matutulungan ang aking anak?

- Lumikha ng isang tahimik na lugar at regular na oras para gawin ang araling-pambahay o homework at pag-aaral.
- Kausapin ang inyong anak tungkol sa kung ano ang nangyayari sa paaralan.
- Himukin ang inyong anak na ipakita sa inyo ang lahat ng gawaing pampaaralan.
- Magbasa na kasama ang inyong anak.
- Ang pag-aaral ng bagong wika ay nangangailangan ng maraming lakas. Tiyakin na ang inyong anak ay nakakukuha ng maraming pahinga.
- Tulungan ang inyong anak na makahanap ng maraming pagkakataon na magamit ang Inglis sa labas ng paaralan.
- Maging matiyaga. Unawain na ang pag-aaral ng wika ay isang masalimuot o komplikado at pangmahabang-panahong proseso.

# Ano ang *Suportang Pang-ESL*

## *Ang suportang pang-ESL*

(English as a Second Language o Inglis bilang Pangalawang Wika) ay karagdagang serbisyo na ipinagkakaloob sa paaralan upang ang inyong anak ay magtagumpay sa baitang na kanyang pinag-aaralan. Ang mga guro sa ESL ay nakikipag-tulungan sa mga guro sa silid-aralan upang matulungan ang mga bata na matuto ng mga kasanayan sa wikang Inglis, ng kamalayan sa kultura at mga istratehiya sa pag aaral na kailangan nila upang matagumpay nilang matagpusan ang kurikulum sa mga paaralan sa B.C.

FILIPINO

## Anong klaseng suportang pang-ESL ang maaaring mangyari?

Depende sa lugar na inyong tinitirahan, ang suportang pang-ESL ay maaaring mabalangkas sa alinman sa isa sa tatlong paraan:

- mga klase na natatangi lamang ( self-contained) para sa mga nag-aaral ng ESL
- suporta sa pamamagitan ng pagbunot sa klase (pull-out support ) – maliliit na grupo para sa pagtuturo ng mga partikular o espesyal na kaalaman tungkol sa wika
- suporta sa loob ng klase – ang mga gurong sumusuporta ay tumutulong sa mga aralin sa loob ng silid – aralan o klasrum.

## Ano ang napapaloob sa pag-aaral ng bagong wika?

Ang pag-aaral ng bagong wika ay higit na masalimuot o komplikado at tumatagal ng mahabang panahon kaysa pangkaraniwang palagay o akala ng maraming tao. Mahigit pang kabilang dito ang pag-aaral ng balarila at bokabularyo. Ito ang dahilan kung bakit tumatagal ng maraming taon ang pagkatuto ng sapat na Inglis para magtagumpay sa pag-aaral.

Sa simula, ang inyong anak ay maaaring:

- makinig lamang at magsalita ng kaunti, kung sakali man
- gumamit ng payak o simpleng Inglis kapag nakikipag-usap sa mga kaibigan
- bumasa at sumulat ng mga salita
- kumopya ng mga payak o simpleng pangungusap at basahin ang mga iyon
- sumulat ng sarili nilang simple o payak na pangungusap at basahin ang mga iyon
- makipag-usap ng Inglis sa kanilang mga kaibigan.



Ang lahat ng mga ito ang tinatawag ng mga guro na pag-aaral ng wikang pang-ugnayang sosyal.

Kung ang mga mag-aaral ay kinakailangang maging matagumpay sa kanilang pag-aaral, kailangan nilang matutuhan ang mas mataas na antas ng wikang Inglis, kasama na rito ang lenguahe ng mga pinag-aaralang asignatura (halimbawa: araling panlipunan (social studies), siyensiya, matematika). Ang pag-aaral ng Inglis na pampaaralan o pang-akademik ay higit na masalimuot o komplikado at tumatagal ng mas mahaba kaysa pag-aaral ng wikang pang- ugnayang sosyal.

Nakapaloob sa pagtatagumpay sa antas na ito ang mga sumusunod:

- wastong paggamit ng bokabularyo kaugnay ng asignatura
- pagbabasa ng may pag-unawa sa mga aklat-aralin o textbook
- kakayahang maglarawan (describe), magklase-klase (classify), magtasa (evaluate), at pagsunud-sunurin ang mga impormasyon ng ayon sa batayan (sequencing)
- pag-unawa kung paano gagawin ang pagpili o pagbatid sa mga panuntunan ng paghahalintulad o paghahambing ng pagka-kaiba, sanhi at bunga o epek, atbp
- kakayahang umunawa ng higit sa literal na kahulugan.

Dahil sa ang pag-aaral ng wika ay mahaba at masalimuot o komplikadong proseso, matatanto o malalaman ng ibang mag-aaral na mahirap ang buhay ng pag-eeskwela.
Mapapansin ninyo ang ilan o lahat ng mga sumusunod:

- Kasiglahan at kasigasigan sa mga unang buwan na mauuwi sa pagkabigo at galit.
- Ayaw magsalita o pagsasalita ng kaunti sa Inglis.
- Madalas na pagkakaroon ng di-magandang pakiramdam o pag-ayaw na pumasok sa paaralan.
- Pagtanggi o pag-ayaw sa kanilang sariling wika at kultura o kalinangan.
- Pagbabago ng asal o pag-uugali sa bahay at sa paaralan.
- Ang oras na kasama ang mga kaibigan ay nagiging higit na mahalaga kaysa oras na kasama ang pamilya.

Ang mga pag-uugali at saloobing ito ay pangkaraniwan at kadalasan ay mawawala din sa paglipas ng panahon. Kung kayo ay nababahala tungkol sa inyong anak, makipag-usap sa gurong pangsilid-aralan at guro sa ESL sa paaralan.

## Paano naiiba ang pag-aaral sa British Columbia?

- Ang pagpasok sa paaralan ay sapilitang tadhana ng batas.
- Ang pagkatuto ay nangyayari sa maraming kaparaanan, kasama na ang paglalaro ng mga laro o games, pagkanta, musika, drama, sining o art, paggawa na kasama sa pangkat o grupo, at pakikipag-usap sa kapwa mag-aaral.
- Ang pagpunta sa mga lugar sa labas ng paaralan para makaranas ng pagkatuto (field trips) ay ipinapalagay na mahalagang bahagi ng pag-eeskwela.
- Ang pagmememorya ay bihirang ginagamit na paraan ng pagkatuto.
- Ang homework o araling-pambahay ay bahagi ng buhay-eskwela. Ang lahat ng mga mag-aaral ay inaasahang kukumpletuhin ang kanilang mga araling-pambahay o homework. Ang mga mag-aaral sa primarya (K-3) ay inaasahang magbabasa sa bahay subalit hindi masyadong gagawa ng mga sulatin. Ang mga nakatatandang mag-aaral ay kailangang bumasa araw-araw at regular na bibigyan ng araling-pambahay o homework sa mga asignatura.
- Ang relasyon ng guro at estudyante ay pangkaraniwang impormal.
- Malugod na tinatanggap ng mga guro ang ugnayan sa pamilya sa impormal na paraan at gayundin sa panahon ng markahan.

### Dapat ko bang ipagpatuloy ang paggamit ng aming unang wika sa aking anak?

OO! Maraming mga pananaliksik na ginawa na nagpapahiwatig na hanggang mas mataas ang kaantasan ng pagkalinang o pagka-debelop ng unang wika ng mag-aaral ay mas magiging matagumpay sila sa pagkatuto ng pangalawang wika.